Magsasabi si Allāh (napakataas Siya) sa pinakamagaan sa mga maninirahan sa Impiyerno sa pagdurusa sa Araw ng Pagbangon: "Kung sakaling mayroon kang nasa lupa na anuman, ikaw ba ay magtutubos sa pamamagitan nito?" Kaya magsasabi ito: "Opo

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: Magsasabi si Allāh (napakataas Siya) sa pinakamagaan sa mga maninirahan sa Impiyerno sa pagdurusa sa Araw ng Pagbangon: "Kung sakaling mayroon kang nasa lupa na anuman, ikaw ba ay magtutubos sa pamamagitan nito?" Kaya magsasabi ito: "Opo." Kaya magsasabi Siya: "Nagnais Ako sa iyo ng higit na magaan kaysa rito samantalang ikaw ay nasa gulugod ni Adan: na hindi ka magtambal sa Akin, ngunit nagpumilit ka na magtambal ka sa Akin."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya) ay magsasabi sa pinakamagaan sa mga maninirahan sa Impiyerno sa pagdurusa matapos ng pagpasok doon: "Kung sakaling nagkaroon ka sa Mundo at anumang nariyan, ikaw ba ay magtutubos sa pamamagitan nito mula sa pagdurusang ito?" Kaya magsasabi ito: "Opo." Kaya magsasabi si Allāh: "Humiling nga Ako sa iyo at nag-utos nga Ako sa iyo ng higit na madali kaysa roon nang tinanggap ang tipan sa iyo samantalang ikaw ay nasa gulugod ni Adan: na hindi ka magtambal sa Akin ng anuman, ngunit ipinagpilitan mo, noong nagpalabas ako sa iyo patungo sa Mundo, ang Shirk."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8315